# Activity Title: FOCUSED GROUP DISCUSSION ON THE SITUATION OF WOMEN IN DETENTION

**August 28, 2019**
**BJMP, Libertad ,Butuan City**

## FGD PARTICIPANTS :
## (women on regular category)

Pag bibigay ng Layunin ng FGD

Ang mga Layunin ng FGD ay:

1. Makapag kalap ng impormasyon ukol sa karanasan ng mga kababaihan sa loob ng kulungan

2. Mabigyan ng puwang ang mga kababihan para mapag usapan ang kanilang karanasan patungkol sa: a.) kalagayan sa kulungan; b) seguridad at protecksyon mula sa karahasan; c) pangangailangan pangkalusugan ; at d) pangangailangan ng ina at anak.

3. Matukoy kung maayos ba na natugunan ng pamahalaan ang kanyang tungkulin para protektahan ang mga kababaihan at para sugpuin ang lahat ng uri ng karahasan sa tahanan at sa kumunidad

4. Mabigyang pagkakataon ang mga kababahan maipahayag ang sarili sa pamagitan ng pagpipinta ng mga apngarap

**Description of Participants and Location**

The Focus Group Discussion was conducted in the ALS hall of BJMP, Libertad Butuan City. The participants were gathered in the ALS hall where there are three long tables enough for 5-7 participants. The women on regular category are mix with 4 inmates from city jail and 2 inmates from provincial jail participants ages are ranges from 24 to 62 yrs old.

**Process:**

Before the FGD was conducted, participants were given and instruction by the facilitator to fill up the Information and consent form, freely and voluntarily, the facilitator also expound the purpose and objectives of the activity and the role of CHR as an institution.

*note : the two participants from the provincial jail came almost an hour late.

**The FGD :**

## I. PAGPAKILALA

A) Alin sa mga emosyon ang iyong pangkaraniwang batid sa pang araw araw dito sa bilanguan? Each participants were given two stickers , ilagay sa 2 emoticon na madalas mararamdaman sa loob ng kulungan

Results:

| | | |
|---|---|---|
| Masaya | - | Respondent A |
| Malungkot/lonely | - | Respondent B, Respondent C, Respondent D, and Respondent E |
| Galit/Angry | - | |
| Afraid/Takot | - | Respondent B |
| Worried/Nabahala | - | Respondents F, C, D, A, and E |
| Sad | - | Respondent F |

**Malungkot :**

- Almost everyday may dalaw naman ako mostly my mom. My two kids are working abroad, pero iba talaga kung dito ka na sa loob, di ko palagi nakakausap ang mga anak ko, ang mga messages nila ay only through screened messages on facebook yan ang dalhin dito sa dadalaw sa akin. Masakit sa dibdib ko dahil kaming mag pamilya ay very closed sa isat isa, tapos andito ako nahiwalay sa kanila sa hindi magandang dahilan.

- Ngayon pa lang ay nalulungkot na ako dahil malapit na akong ilipat sa DAPECOL, dahil ako'y senstensyado na ng 12-15 years.

- Everyday here is a calvary, hindi ko maisip gaano ko nalagpasan ang mga ito for 10 yrs, nakakalungkot isipin na lumalaki ang mga anak mo na hindi ka nakikita, na hindi mo sila nakakasama, na hindi ka kinikilalang ina, sa dahilang baka ikinahiya ka na nasa kulungan o baka dahil nasanay lang sila na wala ako. Madalas gusto ko nalang mamatay, ang dati kong partner nag hanap na ng iba dahil sa siguro hindi ko na natugunan ang pangangailangan niya bilang asawa. No one helps me with my case, matanda na ang aking ina, naghihirap naman ang mga kapatid ko, ang aking lawyer naman ay hindi masyadong nakikipag usap bakit hanggang ngayon ay hindi pa nasasagot ang mga katanungan ko na wala namang ebedensya sa kaso ko.

- na miss ko 3 anak ko, paano kaya sila bubuhayin ng mga matanda kong mga magulang.

**Worried:**

- Nag alala ako sa health status ko, I am diabetic, hypertensive, and meron akong sakit sa puso .Isa akong nurse na may Home Health company based in the USA, umaabot sa 150 ang clients ko, ngayon bumababa nalang ito ng 17 patients, hinahanap ako ng mga doctor ko, nagkagulo mga anak ko, at maraming nurses ang nawalan ng trabaho dahil andito ako sa loob, di ko namalayan may kaso na pala ako, nung umuwi ako dahil birthday ng aking ama, isang pagkakamali dahil nagtiwala ako sa isang kaibigan na gamitin ang check ko. Sana di na umabot ng isang taon dito kasi nabayaran ko naman, at umaasa akong maisa tupad na ang RA 10951 sa 50k - 1.2M lesser na ang senstensya dahil sa MTC nalang ang paglilitis ang sabi 6 months nalang.

- I am sentenced to 12-15 years in prison, at naitakda nang I transfer sa DAPECOL anytime, paano na ako. Malayo na ang pamilya ko, baka di na ako madalaw, baka mahirap ang buhay duon, medyo ok kasi ako dito dahil nirespeto ako ng mga kapwa ko preso dahil hinirang akong mayor sa selda.

- 10 years na ako dito, wala pa ring usad ang kaso ko, walang tumulong upang mapa usad at matumbok ang mga kakulangan na mga ebedensya para madiin ako dito ng matagal. My mother is getting old and busy enough in taking care of my kids. Paano na maging future ng mga anak ko. Di nila ako kinikilalang ina, ang sakit.

- worried ako kung saan dadalhin ng kaso ko ang pananatili ko dito, paano na tatlong anak ko.

**Masaya:**

- sa mahigit na tatlong taon dito sa kulungan, masaya ako dahil marami akong natutunan sa loob. Natutunan kong mabigyan ng halaga ang aking sarili, kung paano basahin ang bible at higit sa lahat ang muling pag usbong ng aking pananampalataya sa Panginoon. Nawala din ang takot kong maging buhay sa labas pagkatapo ng kanyang panahon sa kulungan, tatanggapin ko ito ng maluwag .

**Takot :**

- Takot ako sa rejection, takot akong hindi tanggapin muli ng mga kaibigan ko, marami akong mga organisasyon , paano na pagbalik ko, parang ikamatay ko ang takot na ito.

B) Ano ang pinaka maigting na isyu ang inyung kinaharap bilang babae sa loob ng kulungan

Based on the participants' answers, common concerns are their children, their family, their husbands loyalty and the community that they are going to face with after the sentence is being served.

**II - KALAGAYAN SA LOOB NG KULUNGAN:**

| **A) Pagkain, tubig at espasyo** | | | |
|---|---|---|---|
| **Participants** | **Issues** | **Situations** | **Recommendations** |
| Butuan City Jail inmates | Tubig | Our faucets will only function 4 hrs a day for our bathing and washing activities<br><br>(bathing everyday, washing once a week) | |
| | | Drinking water (mineral water) supplies is not enough for the week consumption, we need to buy outside, or our dalaw will bring water for us. If we don't have dalaw then we need to drink what is in the faucet | We asked for more mineral water, since its very difficult for us when we get sick, it takes long to get a court order for us to get to hospital |
| | Pagkain | Sometimes we have (et al) means dalawang putahe (hotdog na maliit at isang pirasong bulad) | We need to know the menu, we also need to be informed of the menu |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | kadalasan isa nalang at maliit pa. Hindi namin alam magkano ang budget namin, kasi sabi ng taga kusina dumarami daw kami kaya lumiliit ang budget namin dahil marami na ang kakain | and the budget so that we can fully understand |
| | Espasyo | So far, ok naman sapce namin sa pagtulog, pero grabe ang restriction namin kahit sa kusina hindi kami makapag stay ng matagal | |
| Provincial City Jail inmates | Tubig | Wala kaming problema sa tubig, wala rin kaming problema sa drinking water | |
| | Pagkain | Marami ang pagkain namin, hindi kami nag kulang, alam namin ang menu | |
| | Espasyo | We are ok, we can even go out anytime to the kitchen, we can cook, we can even go out from our cell | |

| **B) Paano natutugunan ang pangangailangan ng may especyal na kalgayan, matanda, buntis, may sakit, o may kapansanan?** | | |
|---|---|---|
| **Participants** | **Issue/situations** | **Recommendations** |
| Butuan City Jail inmates | Matatanda, nahihirapan sa apat na beses na pag bilangan, dahil akyat baba, akyat baba.<br><br>Wala namang buntis o may kapansanan | Sana tulad ng sa provincial jail dalawang beses lang sana ang bilangan araw araw |

| **C) Natugunan ba ang espesyal mo na pangangailangan bilang babae? May nakukuha kabang sanitary napkins, underwear, bra, sabon o toothpaste?** | | |
|---|---|---|
| **Participants** | **Issues/Situations** | **Recommendations** |
| Butuan City jail inmates | Bilang babae, bakit kami deprive of a kubol/conjugal rooms?, kaya napag iwanan kami ng mga asawa/partner namin dahil di na namin | Dapat may Kubol, mag tatag lang ng mahigpit na rulings para hindi mabuntis o masira. |

| | | |
|---|---|---|
| | natugunan ang aming tungkulin bilang asawa. Second, madalas din kaming iritable dahil siguro sa sekswal na pangangailangan | |
| | Sanitary napkins and etc.<br><br>Walang naibigay ang BJMP sa amin maliban sa taunang celebration ng NACOCO, umaasa lang kami sa mga outreach program, di rin kasi pwedi magdala ng napkin ang mga dalaw | Sana may mga mabubuting outreach program ang mga organisasyon sa labas para sa amin. |
| Provincial jail inmates | Wala kaming problema sa KUbol, meron kami, meron din kaming regular na "depo" para hindi kami ma buntis | |
| | Minsan binigyan din kami ng mga toiletress sa BJMP, pero kadalasan bigay ng dalaw | |

**III - SEGURIDAD**

| **A. Nararamdaman niyo ba na kayo ay ligtas mula sa karahasan at sa ano mang porma ng pang -aabuso sa loob ng kulungan? Kung hindi, Bakit** | | |
|---|---|---|
| **Participants** | **Issues/situations** | **Recommendation** |
| Butuan City Jail inmates | Wala naman kaming malubha na pag aalala sa mga sarili namin laban sa karahasan, maliban sa we are deprive to express our feelings, like sa pagtawa, palagi kaming pigil, kahit sa pananalita.<br><br>Minsan nanood kami ng tv then sabay kaming tumawa dahil katatawanan naman talaga ang movie, bigla nila itong pinatay at hindi na kami pinapanood ng matagal. | Bigyan naman kami ng pagkakataong makapag express ng mga saloobin namin , total ni respeto naman namin ang tinatawag na holy hour. |
| Provincial Jail inmates | Libre po kaming tumawa, kahit sumigaw, libre po kaming nakakalabas sa selda namin at maki halobilo sa ibang preso na nakakalabas din ng selda nila | |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Mayroon ba kayong alam, or may karanasan ba kayo na pang aabusong pisikal o sekswal ( ie; paninilip, abusadong pananalita,. diskriminasyon, isolation) mula sa isang officer, kasamang bilanggo, o mga bisita? Paano ito tinutugunan ng mga opisyales ng kulungan?** | | |
| City Jail inmates | Abusadong pananalita mula sa isang officer ng shift staff ( tatlo ang shift staff namin) kung mag reklamo kami o mag tanong nagagalit, minumura kami, minsan sinabihan pa kaming sana ay hindi na makakalabas . | Sana alam namin ang lahat ng rules at karapatan namin bilang bilanggo, sana ito ay naka paskin sa mga corners kung saan madali naming makita o mabasa |
| Provincial Jail inmates | Wala po kaming problema sa mga issue na ito | |
| **C. Kung may nangyari na karahasan o pang aabuso sa loob ng kulungan alam niyo ba kung kanino mag rereklamo at kung ano ang proceso?** | | |
| Provincial at City Jail inmates | Di po lahat sa amin alam ang proseso o kung kanino mag sumbong, maliban nalang sa mga educated na nadito lalo na sila itong maraming dalaw, madali nilang ma isumbong sa mga dalaw at maikonek sa mga koneksyon nila sa loob at labas ng kulungan | Dapat meron mga IEC materials tungkol sa aming mga karapatan at proceso paano I handle ang pag sumbong kung may karahasan na ma experience ang mga preso, dapat ito mai algay sa mga lugar na madali naming makita at mabasa |
| **D. Pag may nagkasala sa kulungan, ano ang klase ng parusa ang pinapataw?** | | |
| City Jail/provincial Jail inmates | Pag problema sa loob ng selda tulad ng awayan tungkol sa skedyul ng paglaba o pagligo, o sa mga bagay o gawain na hindi tinutupad ng isang membro sa selda, ang mayor ang mag pataw ng parusa, tulad ng pag limit ng araw ng pag ligo etc | |
| | Sa problema o kasalanan tulad ng pakipag usap ng lalaki, o pakikipag relasyon sa lalaki sa panahon ng pag labas ng selda tulad ng pag simba, maaring alisan siya ng pagkakataon madalaw ng ilang araw, o mag eskwat hanggang pawisan ka ( hanggang malusaw ang papel sa pawis) | |

**IV - PANGANGAILANGAN KALUSUGAN**

| A. ANO ANG NAKUKUHANG SERBISYONG MEDIKAL SA LOOB NG KULUNGAN, ANONG KLASING GAMOT AT ANO ANG SERBISYO | | |
|---|---|---|
| City Jail inmates | Pag may sakit: masyadong mahirap, dahil kailangan pa naming kumuha ng court order para kami madala sa hospital, and it will took 2-4 working days, paano kung wala kang regular na dalaw, may clinic naman kami kaso lang hindi kompleto ang mga medisina | Dapat bigyan kami ng Staff na sensitibong tumugon sa basic na pangangailangan namin, masyado kasing matigas ang incharge ngayon |
| | 8 at 10 years na kami dito pero isang beses lang may roong papsmear na ginawa, ito ay nangyari during NACOCO celebration | Sana meron kaming regular na check up kasama na ang laboratories.<br><br>Sana meron kaming regular na reproductive check up like HIV, papsmear, breast cancer or ovarian cancer screening |
| Provincial Jail inmates | Pag maysakit: Wala kaming clinic pero marami kaming medisina, hindi mahirap pakiusapan ang incharge staff namin dahil very sensitive ang mga ito, wala na kaming kailangan na cour order, pag may pakiramdam dretso kaming dadalhin sa hospital libre alhat pati mga laboratory at maintenance. | |
| | HIV, Papsmear are regular twice a year | |
| City jail /Provincial Jail inmates | Wala pong check up na naganap prior ipasok kami sa loob, ang mga check ups po ay nangyayari lamang sa mga ginagawang schedule sa loob | |

**V - PANGANGAILANGAN NG INA AT ANAK**

| | | |
|---|---|---|
| **A. Mayroon ba sa inyu na nabuntis? O annganak sa kulungan? Kung oo, ano ang iyong karanasan?** | | |
| City Jail / Provincial Jail inmates | Wala po kaming na experience na nabuntis o nanganak sa loob ng kulungan sa mahigit na 10 taong ( since may inmate na sampong taon na sa loob) | |
| **B. Sa mga may anak, kapatid, pamilya sa labas ng kulungan, paano naka apekto ang inyung pagka kulong sa inyung pamilya? Sa inyung pagiging Ina? Anak?** | | |
| City Jail/Provincial Jail Inmates | - Nagkagulo po ang aking mga anak, nag aaway away dahil sa naapektuhan ang kanilang mga trabaho sa pag asikaso sa aking kaso, sa negosyo o sa hatian ng mga responsibilidad at pera. | |
| | - hindi na po ako kinikilala ng aking mga anak, parang na feel ko na ikinahiya nila ako | |
| | - na apektuhan po ang aming komunikasyon dahil bawal po kaming gumamit ng gadgets dito sa loob. Abrupt po ang pagka putol ng komunikasyon namin ng aking magulang at mga kapatid | |
| **a) ( Para sa mga Ina) Paano mo tinutugunan at nagampanan ang iyong pagiging ina sa mga may layang anak? Regular mo ba silang nakakausap? At nakikita?** | | |
| City jail/Provincial inmates | - di ko po regular nakakausap ang lahat kong mga anak, dahil nga nagaaway away sila, kaya ang iba binigyan ko rin ng diciplinary actions like pag limit ng perang binibigay. | |
| | - hindi po regular na naisama ng aking ina ang king mga anak sa mga dalaw niyha, minsan isang beses ng tatlong buwan, kung madala man niya di rin nagsasalita o nakikipag usap sa akin, di ko po alam paano maging ina gayong dito ako sa loob | |

| | | |
|---|---|---|
| | - hindi po pinag hintulutan ng ama na ma bisita ako dito sa kulungan, para daw hindi ika hiya ng anak ang kalagayan ko dito. | |

**VI - PAG WAWAKAS AT PAGLIKHA NG SINING**

**A) Ano sa tingin niyo ang pinaka importanting isyu na hinaharap ng mga kababaihan sa kulungan na dapat agad tugunan?**

1. Dapat matugunan ang pangangailangan ng ***kubol,*** para maibsan naman ang mga tensyon sa loob ng aming katawan bilang mga babae, at para naman magampanan namin ang aming tungkulin para sa aming partner at asawa para hindi na sila maghanap ng iba at para naman sa maikling oras ay maasikaso at mahalin nila kami

2. Dapat mabigyan kami ng listahan ng aming mga karapatan, o proseso paano i-handle kung kami ay maabuso sa loob. At dapat ito ay mai paskin sa mga lugar kung saan madali naming makita at mabasa

3. Dapat din ibigay ang insaktong oras ng dalaw, para naman maramdaman namin ang insaktong pagmamahal sa pamagitan ng dalaw ng aming mga mahal sa buhay

4. Sana matugunan ang aming reklamo tungkol sa proseso ng pagdala namin sa hospital sakaling kami ay amkaranas ng sakit o karamdaman na hindi kailangan ang court order.

**B) Dahil tayo ay magwakas sa katanungan ukol sa lakas at pag asa, para sa pangalawang bahagi ng ating pag uusap, kami ay mag bigay ng tela sa bawat isa at mga amteryales pang drawing at pagkulay, sa pamagitan ng pag drawing at pag kulay, ipakita ang inyung kasagutan sa tanong na, *" ano ang nagbibigay sa iyo ng lakas at pag asa kahit nasa loob ng kulungan?"***

Ang mga naging sagot sa pamagitan ng drawing:

1. Panginoon at ang taos pusong pananampalataya

2. Pag asang matugunan ang kubol


3. Ang makita ang mga anak sa paglabas ng kulungan matapos ma serve ang sentensya

4. Ang pagpapatupad ng Good conduct time allowance o GCTA.

Mga actual na gawaing sining na kanilang nilikha :

Photos:















VII - Mga kwento ng mga kababaihan:

Respondent 1
Has 4 kids
Case: BP22
Length in detention cell : 1 yr and 2 months

Isa po akong nurse na naka base sa USA, US citizens po ako, meron po akong HOME HEALTH company, ito ay nag aaruga ng mga pasyenti na galing sa hospital para sa gamutan hanggang sa maka recover. Umaabot po ng 150 ang clients ko, meron po akong 27 nurses na nag tatrabaho sa aking company, labas pasok po ako sa bansa dahil andito ang aking mga magulang, nagkataon po na nag tiwala ako sa isang kaibigan, ginamit niya po ang aking checking account hanggang sa nagkaproblema, nung umuwi ako dahil bday ng aking father, di ko po alam na may kaso na pala ako, bigla po akong dinampot at heto ako, mahirap po ang kalagyan ko dahil sa labas ako po ang palaging nasusunod dahil ako ang CEO ng aking negosyo, dito kailangan akong sumunod sa ruling, minsan di po ako naintindihan dahil sabi nila masyado daw akong mataas, di kasi ako manahimik lalo na pag meron na argabyado sa loob. Ako po ang laging nag reklamo sa pagkain, sa mga pagtatanong sa aming karapatan, swerti lang po ako dahil malaks ang koneksyon ko sa labas di po ako masyadong napapagalitan dito sa loob. Nagkagulo poi ang mga anak ko dahil sa responsibilidad at pera, di na po napangalagaan ang aming negosyo ng maayos, bumaba po ang aming cliente from 160 ngayon ay 15 nalang. Apektado po ang aming financial na sitwasyon. Lalo pong nag si andaran ang aking mga sakit, meron po akong diabetes, hypertenstion at karamdaman sa puso.

Respondent 2
Has 2 kids
Case: Estafa
Length in Detention cell : 1 yr and 4 months

Isa po akong broker, di ko po masabi ang detalye ng aking problema pero unfair po ang nangyari sa akin, galit na galit po ako sa nangyari sa akin, respetado po ang pamilya namin, very close po kaming magkakapatid, mga magulang lalo na sa aking mga anak. meron akong maraming organisasyon na pinagsalihan respetado po ako, natakot po ako na baka hindi na ako matanggap ng mga kaibigan ko, pag maisip ko iyon gusto ko na pong mamatay, ang pinanghahawakan ko nalang ang payo ng aking mga anak na nasa labas ng bansa , na hindi daw magbabago ang pagtingin at love nila sa akin. Araw-araw po akong may dalaw pero na mimiss ko po ang pagiging malaya. Hinihintay ko po ang taos pusong pagpapatupad ng GCTA sana hindi ito mawala.

Respondent 3
Has 6 kids
Case: 9165 /section 5
Length in Detention Cell : 8 years
(sentenced to 12-15 yrs, ready to be transferred to DAPECOL)

Dalawang beses na po akong nahirang na mayor sa selda namin. Inaamin ko po, druga talaga ang negosyo naming mag asawa, kalalaya lang po ng asawa ko at siya ngayon ang nangangalaga sa 6 naming anak. Palagi po nila akong dinadalaw. Ang kinatatakutan ko ngayon kung mai lipat na ako sa DAPECOL, paano na nila ako amdalaw, baka mahihirapan ako sa pakikipag halobilo ng mga inmates doon. Sana malagpasan ko ang natitirang taon ng aking sentensya.

Respondent 4
Has 2 kids
Case: 9165 , section 6
Length in Detention 10 years and 2 months

Kalbaryo po sa araw araw ang aking buhay dito sa kulungan, wala po akong regular na dalaw, 10 taon na po akong andito, wala pong tumulong sa aking kaso, masakit po ang mga pangyayari, dahil wala namang nakuhang ebedensya ang mga pulis na nang raid sa bahay namin, natutulog po kami kasama ng 2 anak ko maliliit pa po sila ang isa ay 4 at ang isa naman ay 3 taong gulang lang sila nuong nangyari ito. Dikit dikit po ang kabahayan ng eskwater area na tinitirhan namin, alam ko po na sila ang may mga customer, pero kami po ang na raid, di na po ako nadalaw ng partner ko, naghanap na po siya ng iba, pinabayaan na po niya ako at ang responsibilidad niya sa mga anak ko, nanay ko nalang po ang nag aruga ng aking mga anak, at matanda na po siya. Dahil sa wala po akong regular na dalaw, wala rin akong masumbungan ng mga problema ko, minsan wala din akong gamit na kailangan ko dito minsan may mag bigay. Nasasaktan po ako dahil hindi na po ako kinikilala ng mga anak ko, ate po ang tawag nila sa akin ayaw po nila akong tawaging mama, para pong ikinahiya nila na nandito ako. Kapag maisip ko ito gusto ko na pong mamatay. Takot po ako dito na magtanong dahil baka patawan ako ng parusa, gusto ko po sana magka ***kubol*** na kami para naman baka bumalik ang aking partner sa akin kung maibigay ko na rin ang kailangan niya bilang mag asawa. Minsan po na mis-interpret po ako lalo na sa usaping ito. Sana po maraming dadalaw na mga tulad na ganito, o maraming out reach program para naman mabigyan kami ng kunting mga bagay na kailangan namin dito sa loob.

Respondent 5
Has 1 kid
Case: 9165
Length of Stay in Detention Cell : 3 yrs and 4 months

Naka experience po ako ng depression at rejection sa labas, at sa sobrang depress ko, napa barkada po ako at nalulong sa drugs. Nahiwalay po ako sa asawa ko kasama ang aking anak. Rejected po ako ng pamilya ko dahil sa katigasan ng ulo ko. Ngayong andito na ako sa loob, parang may puwang na

ang puso ko sa DIYOS, marunong na akong mag basa ng bibliya, masaya na ako dahil nakita ko na po ang purpose ko bilang tao. Nabigyan ko po ang sarili ko ng panahon na mag isip, na I respeto, sana pag labas ko makikita nilang nagbago na ako, na binago ako ng pagkakataon dito sa loob.

Respondent 6
Has 3 kids
Case: 9165
Length of Stay in Detention Cell: 3weeks

Balot pa po ako sa takot, sa pag alala, mixed po ang emotions ko, nahihiya, nagsisi po ako sa mga nagawa ko… inaamin ko naman gumagmit po ako dahil sa curiosity. Nuong 2016, napasama po ako sa nag surender, nasa listahan na po ako ng mga nag susurender, pero bumalik po ako sa bisyo kaya ako nahuli. Worried po ako dahil tatlo po ang mga anak ko, wala pong tatay na nag asikaso, nasa nanay ko po sila ngayon, mahirap lang po ang pamilya ko, di ko po alam kung paano ko ito gampanan dito sa loob.

Facilitator : MA. THERESA R. NERI

Documentation by:

BERGIDA DONIOS ESPINOSA